



Mga Mapagkukunan sa Pagsusuri sa COVID-19 para sa mga Bata

Mga uri ng pagsusuri sa COVID-19



- Ang pagsusuri sa virus ay kayang ipakita kung ang tao ay may **kasalukuyang impeksyon ng COVID-19**. May dalawang uri ng pagsusuri sa virus na ginagamit upang mag-dayagnos ng COVID-19: mga pagsusuring nucleic acid amplification (NAATs/PCR) at mga pagsusuring antigen. Sinisiyasat ng mga pagsusuring ito kung ang isang tao na may mga sintomas ay nahawahan ng COVID-19 virus. Ginagamit din ang mga ito para sa panananala ng mga tao na walang mga sintomas. Ito ay ang mga pagsusuring pagpahid sa ilong [nasal swab] o laway [saliva].
- Ang pagsusuring panlaban ng katawan [antibody] (na kilala rin bilang pagsusuring serology) ay maaaring magpakita kung ang tao ay nahawahan sa **nakaraan**. Isa itong pagsusuri sa dugo. Hindi kayang masabi ng pagsusuring panlaban ng katawan [antibody] kung ang isang tao ay kasalukuyang may COVID-19.

Siguruhin na alam mo kung anong uri ng pagsusuri ang iyong kinukuha. Kung kumukuha ka ng pagsusuri upang tugunan ang patakaran ng paaralan, lugar ng pagdarausan, o palakasan, siyasatin upang makasiguro na ito ay isang pagsusuri sa virus.

Saan kukuha ng pagsusuri

Kung ang iyong anak ay may mga sintomas, dapat kang makipag-ugnayan sa doktor ng iyong anak o lokal na sentro ng kalusugan. Tawagan ang 2-1-1 o bisitahin ang [211LA](#) kung kailangan mo ng tulong sa paghahanap ng doktor. Maaari kang makahanap ng isang sentro ng kalusugan na malapit sa iyo sa pamamagitan ng paglalagay ng zip code sa [HRSA.gov website](#).

Kung mabuti ang kalagayan ng iyong anak ngunit nangangailangan ng pagsusuri, dagdag pa sa doktor ng iyong anak o lokal na sentro ng kalusugan, maaari kang pumunta sa isa sa mga lugar (sites) na nasa ibaba.



- **Lugar ng pagsusuri ng Lungsod ng LA o County ng LA.** Ang mga lugar na ito ay nag-aalok ng libreng pagsusuri sa COVID-19 sa sinumang naninirahan sa LA County, hindi alintana ang katayuan sa imigrasyon. Walang mga limitasyon sa edad sa kung sino ang pwedeng suriin sa mga lugar ng Lungsod at County ng LA. Ang mga batang wala pa sa edad na 16 ay dapat na samahan ng matanda. Ang sumasamang matanda ay maaaring hilingan na kumolekta sa sampol sa bata. Hindi palaging kailangan ang mga tipanan (appointments) ngunit hinihikayat para mabawasan ang mga oras ng paghihintay. Bisitahin ang [covid.19.lacounty.gov/testing](#) o tawagan ang 2-1-1 upang isaayos ang pagsusuri.



- **Parmasya.** Maraming mga parmasya ang nag-aalok ng libreng mga pagsusuri sa virus ng COVID-19. Tawagan o bisitahin ang website ng iyong lokal na parmasya para sa mga detalye at upang masiguro na ang mga limitasyon sa edad ay hindi nagbago.
 - **Ang Walmart sa pakikipagtulungan sa [Quest Diagnostics](#)** – para sa mga batang 2 taon pataas
 - **[CVS Health](#)** – para sa mga batang edad 3 pataas
 - **[Walgreens](#)** – para sa mga batang edad 3 pataas
 - **[Rite Aid](#)** – para sa mga batang edad 4 pataas

- **Mga independiyenteng parmasya** doineedacovid19test.com



- **Ang paaralan ng iyong anak o liga sa palakasan ng kabataan.** Maraming mga paaralan at mga distrito ng paaralan ang nagbibigay ng libreng pagsusuri sa COVID-19 sa mga mag-aaral, empleyado, at boluntaryo. Makipag-ugnayan sa iyong paaralan o liga ng palakasan upang malaman kung mayroong pagsusuring magagamit at kung paano ito makukuha.

Mga pagsusuri sa bahay



- Magagamit ang mga pagsusuri sa bahay sa pamamagitan ng reseta o walang reseta sa maraming parmasya, mga malalaking pamilihan [supermarket] at malalaking gusaling tindahan [big box stores].
- Kung iyong ikinokonsidera ang paggamit ng mga gamit [kit] sa pagsusuri sa bahay para sa inaatas na pagsusuri, siguruhin na ang mga ito ay tinatanggap ng paaralan o lugar ng pagdarausan. Ang mga resulta ng pagsusuri sa bahay ay hindi maaaring gamitin upang tapusin nang maaga ang pagkukulong (quarantine) o patunayan na ang iyong anak ay walang COVID-19.
- Dapat na malaman na ang mga pagsusuri sa bahay ay karaniwang hindi babayaran ng seguro [insurance] maliban kung ang mga ito ay niresetahan ng doktor. Para sa impormasyon sa mga gamit [kit] sa pagsusuri sa bahay, bisitahin ang [website sa sariling-pagsusuri ng CDC](#).

Mag-ingat sa mga panloloko sa pagsusuri sa COVID-19 – bisitahin ang [webpage sa mga panloloko at pandaraya sa COVID-19](#) ng DPH upang malaman ang tungkol sa mga pangkaraniwang panloloko at pandaraya sa COVID-19.

Para sa mas marami pang impormasyon tungkol sa mga pagsusuri sa COVID-19 at kung ano ang ibig sabihin ng iyong mga resulta, bisitahin ang ph.lacounty.gov/covidtests.